

Mimitaro

Tagalog タガログ語版 ☆Blg.129 Oktubre, 2018

SIA Volunteer group "Mimitaro"

Piazza Omi 2F 1-1-20 Nionohama, Otsu City

Tel/Fax : 077-523-5646

E-mail : mimitaro@s-i-a.or.jp

URL : <http://www.s-i-a.or.jp>

 : <https://www.facebook.com/siabiwako>



Gawin ang Sariling Kuwento ng Buhay!



Kinapanayam namin si Bb. Liu Ying ng Moriyama, isang *translator* at sumusuporta rin bilang isang tagapagsaling-wika ng Mimitaro.



Ang aklat na aking isinalin, *Koinu no Saiban Hajimemasu* ("Paglilitis ukol sa mga Tuta") na isinulat ni Bb. Nobuko Imazeki ay inilathala sa China noong Abril ng taong ito, at naging unang hakbang upang ako ay makapagsimula bilang isang tagapagsalin sa panitikan. Bukod pa rito, ang mail magazine na nagpapatuloy sa loob ng 15 taon ay umabot na sa ika-190 na

paglalathala nito: "Pasasalamat sa Pagsasalin ng salitang Hapon-Intsik". (<http://www.mag2.com/m/0000102762.htm>)

Nais kong maging isang *translator* mula pa nang ako ay nasa junior high school. Ang aking lola ay isang Haponesa na naulila at naiwan sa China matapos ang ika-2 digmaang pandaigdig. Dumating ang aking pamilya sa Japan 40 taon pagkatapos ng digmaan nang ako ay 14 na taong gulang. Pumasok ako sa isang natatanging klase nang panahong walang suporta sa pag-aaral ng Nihongo ang mga dayuhang estudyante at lumipas ang mga araw na ako ay balisa dahil sa hindi ako makasunod sa pag-aaral ng Nihongo at sa paaralan. Sa panahong ito ko sinimulan ang pagbabasa sa aklat na *Madogiwa no Totto-chan* ("Ang Batang Babae sa may Bintana") habang hawak ang diksyunaryo. Naantig ako sa istorya nito at dito nagsimula ang aking pagkahikayat sa pagbabasa. Mula noon, ang mapag-isang tulad ko ay itinuring na kaibigan ang mga libro. Sa pagbabasa, natutunan kong mahalín ang wikang Hapon at ninais kong maging isang *translator* sa hinaharap. Ginawa ko ang lahat upang ito ay matupad. Dahilan sa ang aking kakayahan sa wikang Hapon at Intsik ay hindi sapat, ako ay nag-aral sa isang unibersidad sa Beijing pagkatapos ng high school, at sa isang unibersidad sa Japan kung saan itinuon ko ang pag-aaral sa Nihongo.

Ipinagpatuloy ko ang pagiging isang *translator* habang nagtuturo ng wikang Hapon at Intsik. Lumipas ang 10 taon, subalit mga pagsasalin ukol sa negosyo lamang ang aking natanggap at walang may kinalaman sa panitikan na aking nais gawin. Walang magbabago kung hindi ako kikilos, kaya't ako ay naging isang reporter sa isang pampublikong pahayagan ng Moriyama upang kahit kaunti ay mapalapit sa nilalayan kong propesyon. Sa isang interbyu ay nakilala ko si Bb. Imazeki, isang manunulat ng mga aklat na pambata na siyang naging daan upang isalin ko ang kanyang aklat. Bitbit ang aklat na isinalin sa wikang Intsik, naglibot ako sa China upang maghanap ng isang tagapaglathala (publisher) at kinailangan ng 3 taon upang ito ay maisakatuparan. Aking naramdaman na kasama ng malaking kaligayahan, ang pagsasakatuparan ng isang pangarap ay may kaagapay na hirap at mabigat na gawain.

Naging abala ako sa maraming bagay at sa wakas, maaari ko nang ikuwento ang ukol sa aking buhay. Lubha akong nahirapan sa pagpapalaki sa aking mga anak, sa pakikisama sa mga magulang at miyembro ng PTA sa paaralan, at iba pa. Buhat sa mga mapapait na karanasang tulad nito, pinag-ukulan ko ng pansin ang mga aktibidad ng NPO sa pag-aaral sa sariling wika at pakikipagpalitan ng kultura, subalit

dahilan sa pagkakaiba ng opinyon ng mga miyembro ng samahan, natigil ito at nakadama ako ng lubhang kabiguan. Maraming beses din akong nagkamali noon subalit kung babalikan ko ang nakaraan, maaaring iba ang naging resulta ng mga pangyayari kung iba ang aking ginawang mga pamamaraan. Naging masakit ang mga panahong iyon, subalit dahil sa aking mga pagkakamali, nagawa kong muling suriin ang aking sarili at paunlarin ang aking pagkatao.

Hindi ko nagawang makapagtrabaho bilang isang *literary translator* at kahit na paulit-ulit akong sumubok at nagkamali, ang mga taong nakilala ko sa panahong ito ang nagpabuti sa aking buhay at nag-ugnay sa aking pangarap. Kung naging mahusay ang takbo ng lahat noong una pa lamang, malamang na nagkaroon ako ng isang nakakasawang buhay na nag-iisa bilang isang *translator*. Ang mga estudyante sa klase ng pag-aaral sa salitang Intsik ang siyang nagbigay sa akin ng mga payo noong ako ay nabagabag sa kaibahan ng pagpapalaki sa bata at kultura sa Japan. Bilang isang reporter para sa lokal na pahayagan, nakasalamuha ko ang iba't-ibang klase ng mga tao at natutunan ang sari-saring uri ng pamumuhay. Pagkatapos ng mga aktibidad sa NPO, ako ay napagod at humarap sa isang bagong pagsubok upang bawiin ang aking sarili. Sinimulan ko ang seryosong pag-aaral ng panitikan sa graduate school. Sa ngayon, ako ay isang mananaliksik ukol sa pagsasaling-wika. Ako ay nalilibang sa pagdanas ng kulturang Hapon, tulad ng kimono at seremonya sa tsaa, kung saan ang lahat ay malugod na tinatanggap nang patas ang pakikitungo at may kagandahang-loob. Kung hindi maglalagay ng harang sa sarili, maraming lugar ang maaaring tumanggap sa iyo at mag-uugnay sa mga kaibigang may katulad na interes.

Ang daan ng buhay ay hindi panatag. Sinisikap ko pa ring matamo ang aking pangarap, subalit ang daan kung saan ito maaaring matagpuan ay iba't-iba. Kapag napagod sa paglalakbay, huminto at uminom muna o kaya ay magbago ng direksyon at huwag pilitin ang sarili. Ang mahalaga ay huwag isisi sa ibang tao anuman ang maging resulta ng gagawing pagpili, at sikaping mabuhay nang kuntento. Dagdag pa rito, sana ay panatilihin ng mga bata ang lakas ng katawan at pag-iisip upang sila ay hindi sumuko sa kanilang paglalakbay at pahalagahan ang bawat taong makikilala. Ituring ang aklat bilang isang mabuting kaibigan habang-buhay. Ang mga aklat na aking isinalin ay iniabuloy sa mga aklatan sa prepektura. Sana ay magkaroon pa ng mga aklat sa sari-saring wika.

Laging may aklat sa aking tabi mula pa noon: ako ay pinahahanga, nagpapahilom sa damdamin kong nasugatan, nagpapalakas ng aking loob. Itinuring ko na ang buhay ay isa ring kuwento sa panitikan. Nagpasalamat ako sa isang buhay na puno ng tagumpay at kabiguan, at sinikap kong isulat nang mabuti ang bawat kabanata. Kung nais mong matupad ang anuman o makatagpo ang sinuman sa iyong buhay, kumilos ka at maging pangunahing tauhan sa iyong sariling istorya. Inaasahan kong magiging masaya at masagana ang iyong kuwento hanggang sa pagtatapos nito.



Mga Dapat Malaman ng mga Magtatrabaho sa Pamamagitan ng "Haken"(Dispatched labor)

— Alamin ang mga bagong patakaran sa pagtatrabaho sa ilalim ng isang *haken gaisha* (dispatching agency) at gawin itong kapaki-pakinabang sa iyong trabaho ! —

■ Pagtatakda sa panahon ng pagtanggap ng serbisyo ng mga manggagawa buhat sa isang *haken gaisha* at ang obligasyon ng paggawa ng kontrata sa trabaho.

Maliban sa ilang mga negosyo, itinakda ang 3 taon bilang pinakamahabang panahon na ang manggagawa ng isang *haken gaisha* (*haken rodosha*) ay maaaring makapagtrabaho sa isang kliyenteng kumpanya (*haken saki*). Kapag ang manggagawa ay pinagtrabaho ng higit sa itinakdang panahong ito, kailangang hilingin ng kliyenteng kumpanya sa manggagawa ang pagpirma ng isang kontrata sa trabaho.

Sa binagong batas para sa mga manggagawang "*haken*" (Worker Dispatch Law in 2015), bilang isang pansamantalang manggagawa, ang pagtatrabaho sa parehong gawain sa iisang pagawaan nang higit pa sa 3 taon ay hindi pinapayagan. Maaaring makapagtrabaho ng higit sa 3 taon pagkatapos na sundin ang ilang patakaran, subalit kailangan ang paglipat sa ibang lugar (seksyon) ng trabaho. Mula Setyembre, 2018, kung ang isang manggagawa ay inaasahang magpatuloy na magtatrabaho sa parehong gawain sa iisang lugar nang tuluy-tuloy na 3 taon, maaari siyang makatanggap ng "panukala sa pagpapatatag ng trabaho" (obligasyon) mula sa ahensiya (*haken gaisha*) tulad ng nakasaad sa ibaba. Ang mga manggagawa na inaasahang magtatrabaho nang higit sa isang taon subalit mas maikli sa 3 ay nasasakop sa obligasyon ng *haken gaisha* na sila ay himukin na magsikap nang sapat. Ang mga "manggagawang *haken* na nagtatrabaho ng walang taning sa kliyenteng kumpanya" at mga "manggagawang *haken* na mahigit sa 60 taong gulang", atbp., ay hindi nasasakop ng panukala sa pagpapatatag ng trabaho.

Nilalayan: Mga manggagawang *haken* na pinagtibay o nagpanibago ng kanilang kontrata pagkatapos ng Setyembre 30, 2015.

△ Mga Panukala sa Pagpapatatag ng Trabaho (Mga obligasyon)

Ang ahensiya (*haken gaisha*) ay kailangang ipatupad ang alin man sa mga sumusunod na panukala mula ① hanggang ④. Dagdag pa rito, kung ang ① ay hindi humantong sa pagiging direktang empleyado, kailangan ang mamili sa isa sa ② hanggang ④.

- ① Paghiling sa kliyenteng kumpanya ng pagbibigay ng direktang trabaho (kung ang kliyenteng kumpanya ay umayon sa kahilingan, ang manggagawang *haken* ay magiging empleyado nila)
- ② Pagkakaloob ng mga bagong oportunidad sa trabaho (Ang mga kondisyon ay limitado sa mga makatuwirang mga bagay batay sa kakayahan at karanasan ng manggagawang *haken*)
- ③ Pagbibigay ng trabahong walang taning sa loob ng *haken gaisha*, maliban sa trabahong *haken*
- ④ Iba pang mga hakbang upang mapatatag ang pagtatrabaho

Bigyang pansin!

- Upang maging sakop ng "panukala sa pagpapatatag ng trabaho", kailangang gumawa ng kahilingan ang *haken gaisha* para sa pagpapatuloy ng pagtatrabaho ng manggagawa kahit na tapos na ang taning na panahon ng trabaho. Maaaring humiling ang *haken gaisha* ng isa sa mga panukala sa pagpapatatag ng trabaho mula ① hanggang ④
- Sa mga kaso na kung saan pinagtrabaho ng kliyenteng kumpanya ang manggagawang *haken* sa mga ipinagbabawal na uri ng trabaho (port transport services, trabaho sa konstruksiyon, mga serbisyo sa seguridad, mga serbisyong medikal) o kaya ay tanggapin siya sa trabaho na labag sa itinaning na panahon, ito ay ituturing na katumbas sa pagbibigay ng kontrata sa manggagawang *haken*.

■ Mga hakbang upang itaguyod ang pagpapalit sa walang taning na pagtatrabaho (*mukikoyou*)

Ang mga aplikasyon para sa walang taning na pagtatrabaho ay sinimulan na rin noong Abril, 2018. Ang mga kontrata ng pansamantalang trabaho mula at pagkatapos ng Abril, 2013, kung paulit-ulit ang pagpapanibago at humigit sa kabuuan ng 5 taon ay maaaring palitan ng kontratang walang taning sa susunod na magiging kontrata sa pamamagitan ng paghiling ng manggagawa. (Basahin ang Mimitaro blg. 126 para sa mga detalye)

Tanggapan ng Pagsangguni ukol sa Paggawa

- ◆ Shiga Labor Bureau • Pangkalahatang Pagsangguni ukol sa Paggawa Tel. 077-522-6648 (Nihongo)
4th flr. Shiga Labor Joint Government Office Building, 14-15 Uchidehama, Otsu City, Shiga-ken
- ◆ "Pagsangguni sa Telepono para sa mga Dayuhang Manggagawa" 10:00 am hanggang 3:00 pm
Ingles (Lun.~Biy.) Tel. 0570-001701 Intsik (Lun.~Biy.) Tel. 0570-001702
Portuges (Lun.~Biy.) Tel. 0570-001703 Espanyol (Mar., Huw., Biy.) Tel. 0570-001704
Tagalog (Mar., Miy.) Tel. 0570-001705



Mga dapat siguraduhin sa pagtatrabaho !



Kailangang malinaw na ipakita ng *haken gaisha* (dispatching agency) ang magiging **kalagayan sa trabaho** sa oras ng pagpapatibay ng kontrata, ihayag ng malinaw ang **halaga ng dispatching fee (kabayaran sa pagdedestino)** sa oras na mag-umpisa ng trabaho, at malinaw na tukuyin ang mga **itinakdang tuntunin sa trabaho**.

■ Siguruhin ang pagiging sakop ng social insurance! (*shakai hoken*)

Maaaring makatanggap ng allowance sa pagkakasakit at pinsala, sa panganganak, benepisyo sa pag-aalaga ng bata at pag-aalaga sa miyembro ng pamilyang nangangailangan ng pag-aaruga, atbp., sa pamamagitan ng pagiging miyembro sa social insurance, kung ang mga kondisyon ay matutugunan.

△ Mga kondisyon sa pagiging miyembro ng social insurance Ang mga nasa sumusunod na uri ng trabaho:

① opisina ng isang samahan (corporation, limited company, etc.) or ② pribadong establisimento na may 5 o mahigit pang empleyado (maliban sa restawran, pagupitan, parlor, atbp.) at ang mga nagtatrabaho rito ng regular ay maaaring sumali sa welfare pension insurance ng mga empleyado at sa health insurance.

• Ang isang nagtatrabaho ng part-time o *arubaito*, na ang trabaho ay katulad ng isang regular na empleyado, na may iniatas na oras ng pagtatrabaho, at may 3/4 o mas mahaba pang araw ng pagtatrabaho, ay maaaring sumali sa seguro.

• Kahit na ang araw ng pagtatrabaho ay mas maikli sa 3/4 ng regular na mga empleyado, tulad ng nakasaad sa itaas, ang lahat ng makakatugon sa lahat ng sumusunod na 5 mga kinakailangan ay maaaring sumali sa seguro:

- ① Ang oras ng pagtatrabaho sa loob ng isang linggo ay itinakda sa 20 oras o higit pa ② Ang itatagal ng serbisyo ay inaasahan na isang taon o higit pa ③ Buwanang sahod na ¥88,000 o higit pa ④ Hindi isang estudyante
- ⑤ Nagtatrabaho sa isang kumpanya na may 501 o higit pang empleyado (ang mga nagtatrabaho sa kumpanyang mas kaunti na 501 ang mga empleyado ay maaari ring makasali sa seguro kung ang kumpanya ay pinamamahalaan batay sa kasunduan sa pagitan ng manggagawa at nangangasiwa)

■ Maaaring magamit ang Annual Paid Leave (*nenji yukyu kyuka*), Child Care Leave (*ikuji kyugyo*), at Family Care Leave (*kaigo kyugyo*)

Ang mga batas sa paggawa tulad ng Batas sa Pamantayan sa Paggawa (*Labor Standards Act*) at Batas sa Patas na Oportunidad sa Trabaho (*Equal Employment Opportunity Law*) ay maaari ring ipatupad sa dispatched labor (*haken*).

Katanungan ukol sa Employees' Pension Insurance (*kosei nenkin hoken*) at Health Insurance (*kenko hoken*)

Tel. 0570-007-123 o 03-6837-2913 (sa iba't-ibang wika)

△ Taunang Bayad na Bakasyon (*Annual Paid Leave*) Ang mga empleyado ay may karapatang kumuha ng bakasyon na may bayad.

- Ang mga empleyado na nagtatrabaho ng magkakasanod na 6 na buwan mula sa araw na siya ay magsimula at nagtatrabaho nang hindi bababa sa 80 porsiyento ng kabuuang itinakdang araw ng trabaho ay dapat na bigyan ng 10 araw na bayad na bakasyon ng kanyang employer. Mula rito, ibibigay ang bakasyon ng taunan batay sa haba ng serbisyo. Ang bilang ng araw na nabanggit ay para sa mga nagtatrabaho ng 5 beses sa isang linggo o 30 oras sa isang linggo o higit pa. Kahit na ang nagtatrabaho ng part-time o *arubaito* ay bibigyan ng taunang bayad na bakasyon batay sa araw at oras ng ipinagtatrabaho.
- Ang annual leave ay hindi maaaring ipunin. Ang karapatan upang ito ay gamitin ay mapapaso pagkatapos ng 2 taon.
- Kung ang relasyon sa trabaho ay natapos dahil sa pagreretiro o pagpapaalis ng manggagawa, ang karapatan upang gamitin ang bayad na bakasyon ay matitigil.
- Ayon sa tuntunin, ang pagpapalit ng hindi nagamit na bakasyon sa pera ay hindi alinsunod sa batas.

△ Bakasyon sa Pag-aalaga ng Bata • Pamilya (*Child Care, Family Care Leave*) Kung matutugunan ang ilang kondisyon, maaaring gumamit ng child care leave at family care leave kahit na mga part-timer at *arubaito*.

- **Child care leave** Ang isang manggagawa ay maaaring makakuha ng bakasyong ito upang alagaan ang anak na ang edad ay mas mababa sa 1 taon. Kondisyon upang magamit: Pagtatrabaho ng 1 taon o higit pa sa ilalim ng iisang employer. Hindi natitiyak kung ang kontrata sa trabaho ay matatapos hanggang sa ang anak ay maging 1 taon at 6 na buwan.
- **Family care leave** Bakasyong magagamit ng mga manggagawa upang alagaan ang miyembro ng pamilya na nangangailangan ng pangangalaga. Ito ay maaaring kunin ng paunti-unti, hanggang sa kabuuang 93 araw bawat miyembro ng pamilyang nasasakop nito, na hanggang 3 beses ang limit. Kondisyon upang magamit: Pagtatrabaho ng 1 taon o higit pa sa ilalim ng iisang employer. Hindi malinaw kung ang panahon ng kontrata ay matatapos at hindi maipagpapatuloy hanggang sa matapos ang 6 na buwan, pagkatapos na lumipas ang 93 araw mula sa nakatakdang petsa ng pagsisimula ng family care leave.



Event Information



"One-coin" Konsiyerto (500 bawat pagtatanghal)



Bungei Seminario (777 Kuwanomiji, Azuchi-cho, Omihachiman City)

♪ "Mga Tanyag na Awiting Tutugtugin sa Mandolin"

Okt. 18 (Huw.) mula 2:00 pm

♪ "Paalingawngawin ang tunog ng tanso!"

Mga obra maestrang tutugtugin ng brass band"

Okt. 27 (Sab.) mula 10:30 am

♪ "Isang Saglit ng Panaginip – Itatanghal ng 3 Ina"

Nob. 17 (Sab.) mula 10:30 am

♪ "Si Awatenbou Santa ay tutugtug ng marimba!"

Dis. 8 (Sab.) mula 10:30 am

♪ "Pantasya ng Pasko"

Dis. 20 (Huw.) mula 2:00 pm

Bayad sa pagpasok: ¥ 500 ※Walang reserbasyon

INQ Azuchi-cho Bungei no Sato Shinko Jigyo-dan

☎ 0748-46-6507



Mga Lugar na Tanyag sa Taglagas (Autumn foliage spots)



(mula kalagitnaan ng Nob. hanggang simula ng Dis.)

★ Tankai-ko (lake) (Fukashimizu, Imazu-cho, Takashima City)

https://takashima-kanko.jp/spot/2018/06/post_149.html

★ Hanay ng mga puno ng metasequoia

(mula Hiruguchi ~ Makino, Makino-cho, Takashima City)

<https://takashima-kanko.jp/spot/metasequoia.html>

★ Biwako Valley (1547-1 Kido, Otsu City)

<http://www.biwako-valley.com/>

★ Mga dahon sa taglagas at night view sa Yumemigaoka

Hillside sa Hieizan Driveway (776-3 Nagarayama,

※may iluminasyon Yamanaka-cho, Otsu City)

<http://www.hieizan-way.com/about/>

★ Enryaku-ji (templo) (4220 Sakamoto Honmachi, Otsu City)

<http://www.hieizan.or.jp/>

★ Hiyoshi-taisha (dambana) (5-1-1 Sakamoto, Otsu City)

※may iluminasyon <http://hiyoshitaisha.jp/>

★ Kongourin-ji (templo) (874 Matsuoji, Aisho-cho, Echi-gun)

<http://www.kongourinji.org/>

★ Saimyou-ji (templo) (26 Ikedera, Kora-cho, Inukami-gun)

<http://www.saimyouji.com/>

★ Eigen-ji (templo) (41 Takano-cho, Eigen-ji, Higashiomi City)

※may iluminasyon <http://eigenji-t.jp/>

★ Kyourinbo (1145 Ishi-dera, Azuchi-cho, Omihachiman City)

(templo) <https://kyourinbo.jimdo.com/>

★ Genkyuen (sa loob ng Hikone Castle)

※may iluminasyon (1-1 Konki-cho, Hikone City)

http://www.biwako-visitors.jp/search/spot_spot_1666.html

Ang susunod na edisyon ng Mimitaro ay lalabas sa Enero.
Huwag itong kaligtaan!



Iluminasyon sa Shigaraki 2018



(Sa paligid ng Shigaraki station, Shigaraki Kogen Railway)

★ Hanggang Enero 14, 2019 (Lun.)

Mula paglubog ng araw hanggang 12:00 ng hatinggabi

※Winter festival - gaganapin sa Dis. 9 (may fireworks sa finale)

INQ Shigaraki Tourist Association

☎ 0748-82-2345

Pagtugtog ng kampana sa Bisperas ng Bagong Taon

Dis. 31



🔔 Kampana ng Hikone Castle mula 11:30 pm~1:00 am

(1-1 Konki-cho, Hikone City)

INQ Hikone Castle Management Office

☎ 0749-22-2742

🔔 Hieizan Enryaku-ji mula 11:40 pm

(4220 Sakamoto Honmachi, Otsu City)

INQ Hieizan Enryaku-ji (templo)

☎ 077-578-0001

🔔 Saikyou-ji mula 11:45 pm

(5-13-1 Sakamoto, Otsu City)

INQ Saikyou-ji (Pangunahing Templo)

☎ 077-578-0013

🔔 Miidera (Onjyou-ji)

(246 Onjyouji-cho, Otsu City)

INQ Onjyou-ji (templo)

☎ 077-522-2238

🔔 Toyomitsu-jinja

(392 Toyomitsu, Aisho-cho, Echi-gun)

INQ Toyomitsu-jinja (dambana)

☎ 0749-42-3448



Pagdiriwang ng Bagong Taon

Enero 1



🔔 Taga-taisha hatinggabi 12:00 (604 Taga, Taga-cho, Inukami-gun)

INQ Taga-taisha (dambana)

☎ 0749-48-1101

🔔 Toyomitsu-jinja 10:00 am (392 Toyomitsu, Aisho-cho, Echi-gun)

INQ Toyomitsu-jinja (dambana)

☎ 0749-42-3448

🔔 Namura-jinja hatinggabi 12:00 hanggang 5:00 pm

(467 Ayado, Ryuo-cho, Gamo-gun)

INQ Namura-jinja (dambana)

☎ 0748-57-0160

..... 🐰 Impormasyon mula sa SIA 🐰

INQ Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA)

☎ 077-526-0931

▼ Pamamatnubay sa Pagpili ng Kurso sa Hinaharap

Para sa mga estudyante sa junior high school na hindi Hapon ang katutubong salita at sa kanilang mga magulang.

Kinakailangan ng reserbasyon.

Petsa at oras: Oktubre 14 (Lin.) 1:30 pm hanggang 4:00 pm

Lugar: Kusatsu Machizukuri Center (9-6 Nishioji-cho, Kusatsu City)

▼ Eksibisyon ng mga Dayuhang Artist sa Piazza Omi

Artist: Mr. Jose De la Colina

Petsa: Dis. 3 (Lun.) hanggang Dis. 14 (Biy.)

Lugar: Piazza Omi 1F (1-1-20 Nionohama, Otsu City)